## Ang Kagilagilalas na Paglalakbay nina Mumo at Am-i

Sinopsis ng Kuwentong Pambata

Sa pag-iinat ng bagong sulpot na tulyapis ay nasagi niya ang katabing binhi ng palay. Nagalit ang nakantiw at nagkaroon ng sagutan; sinaway ang dalawang tulyapis ng iba pa, dahil may paparating palang kawan ng mayang bubungan. Bumaba sa pitak na kanilang kinalalagyan ang mga maya at nanginain ng mga binhi; samantala, mahigpit na napayapos ang binhing nainis kanina, sa kanyang katabi. Nasundan pa ang ganoong sakuna ng paghiyad at paghapay ng uhay na kanilang tinitirhan dahil sila nga ay bundat nang mga binhi.

Sa bisperas ng anihan, ang mga binhi ay binigyan ng ngalan ng Buwan, na nagwisik din ng hamog sa kanila. Pagkaani, sila ay giniik, inilatag sa sementong bilaran at pinagsama, pinaghiwalay at pinagsama na naman ng isang magaslaw na kalaykay. Sa bilaran, pumasok ang isang inaheng manok na may kasamang mga sisiw. Muntik nang matuka si Am-i na nang mapahagis ay muling nakatabi ni Mumo.

Dumating ang panahong sila'y naipakiskis at naging bigas. Naidispley sila sa bilao sa eskaparate sa isang palengke, at dito na naman nila inisa-isa ang kanilang mga pangarap. Magkatulong din nilang pinagplanuhan ang paglaban sa mga langgam at bukbok hanggang sa sila ay bilhin ng isang Mama Rosa. Isinaing sila at naging kanin para maging tampok sa salo-salo sa wakas.

## ANG KAGILAGILALAS NG PAGLALAKBAY NINA MUMO AT AM-I

Kinantiw ng hangin ang isang bagong sulpot na tulyapis sa isang bumubukang uhay, isang umagang napakaginaw. Nag-inat ang binhi at sa pagbanat ng sarili, kasabay ang mahabang mahabang "AaaaaAAAAAH!" ay nasagi niya ang isa pang butil na katabi, kaya maikli ang naisunod niyang "E?" at ang naidugtong pang sabi, "Eskyus meee."

Inis na pumaling sa kabila ang binhing nasagi nitong nagbanat, nagpahaba, nag-inat na katawan. "Nakakainis naman," sabi pa ng binhing nayayamot habang pumapakabila ng ayos, "Mag-iinat lamang e gusto pang mang-away."

"Aba," sabi ng tulyapis, "hindi ko naman 'yon nais. Malay ko bang tayo pala'y magkatabi, e sa parehong palumpon tayo napasiksik."

"E bakit mo ako itinulak? Nakita mo nang ako'y babagong labas, mabuway at madaling malaglag."

"Eskyus me, ako po'y meron na kahit kokonting laman."

"E sino bang nag-ambisyon ng buhay na walang nakalagay? Nag-iinat ako para sa mas malaking sisidlan, para sa mas malaking binhi na masisilid sa aking katawan."

"E baka sa kasisiksik mo naman, ako'y matanggal sa uhay na ating pinagkakabitan!"

"Psst," pananaway ng nasa ibabang kumpol ng palay. Sila ang mas matatandang binhi, iyong sa paglaki ay para nang hinihipan. Sa uhay kasi ay mas mataas ang mga bago pang sanga, na sinisilipan naman at sinusulputan ng mga mas batang binhi.

"E eto po kasing aking katabi," sabi ng nayamot na binhi,"nang-aaway."

Lalong humaba at lumakas ang mga sitsit ng mga palay na nasa silong na palumpon. Isa sa mga tagaroon ang nakagawa ng pabulong na sigaw, "Huwag sabi kayong maingay. May dumarating na kawan!"

"Kawan?" tanong na magkasabay ng dalawang bagong labas na butil. Sila'y nagkatinginan, saglit na nagkahiyaan, saka parehong yumuko para pakinggan ang nasa silong na uhay.

"Oo, isang pangkat ng ibon, sama-samang kumakampay," sabi ng mabilis magsalitang binhi sa ibabang sanga ng uhay.

Saka naman sumabad ang palay na tagatanaw, isang tulyapis din, nasa pinakaibabaw,sa dulo ng tirik na tirik na usbong ng kanilang uhay. "Ang mga dumarating," sabi niyang may sinisilipan na binalisungsong na kapiraso ng talbos ng palay, "ang dumarating ay maya. Mga mayang bubungan!"

Parang hinipan ng malakas na hangin ang mga binhi na nagbalikwasan nang sunud-sunod bagaman walang humulagpos sa kanilang sanga. "Naku, delikado tayo," sabi ng binhing may pinakamabintog na katawan sa silong na sanga. "Yakapin n'yo ang isa't isa!" dagdag pa niya.

Na sinundan ng habilin pa nuong mabilis magsalitang binhi, "Higpitan ang kapit sa inyong sanga!"

Dagdag ng isa pang mas matandang palay, "Abangan! Ang kumpas ng hangin ay mag-iiba-iba!"

Na sinundan pa ng iba pang magkakasunod na sigaw, "Bugso 'yong galing sa pakpak ng maya!"

"Sumunod! O mapipitas kang bunga!"

"Sumunod! O mababali ang inyong mga sanga!"

"Sumunod! O wala sa ating matitira!"

Samantala, pinaabo ng mga anino ng lumalapit, tumatapat, bumababang mga ibon ang pitak na iyon ng palay, hanggang sa sabay-sabay na umikot muna, saka dumapo sa kung saan-saan ang mga ibon - sa putik, sa pilapil, sa baling dahon ng palay, sa madamong gilid ng pitak, saka sila waring naghiwa-hiwalay ng kilos, may nagpalipat-lipat sa dahon at sa uhay, naghahanap ng malamang binhi. May lumukso nang lumukso sa damuhan, mabilis na iginalaw ang ulo at mapagmatyag na mata, saka umakyat, parang ginagawang hagdan ang mga dahon at uhay ng palay. May ibon na paglipad ang gianmit sa paghahanap ng matutukang binhi. At mayroon namang sa silong ng mga halamang palay na lamang sumimot ng mga kalalaglag na binhi.

Matagal din ang iba sa kanila na naghanap ng uhay na may mabibintog na bunga bago nakapamitas ng pamuno ng tiyan. Matagal tuloy na nakiramdam ang mga nasa papataas na taludtod ng uhay, iyong lugar na kung saan sumulpot ang dalawang magkaaway kanina na tulyapis.

Di kaginsa-ginsa ay lumapit at lumipat sa kanilang tangkay ang isa sa mga maya. Ang mga binhi tuloy ay nagmistulang patay sa pagkayuko at hindi paghinga. Namalayan tuloy ng nayamot kaninang binhi na nakayakap pala siya sa mismong tulyapis na kanyang kinaaasaran - at matagal pa yata siyang yayapos sa tulyapis na, sa mga sandaling iyon, nakamatyag sa palundag-lundag na mayang bubungan na pababa namang lumipat sa silong ng halaman!

Ang ibon nga ay bumaba sa lupa, nagtaas ng paa at umireng minsan, sinigalputan ng ipot na mabilis din namang iniwan ng mayang dedma sa kalat na

iniwan. Bigla ang sumunod at palayong paglipad niya - na palapit naman sa iba pa niyang kasama. Saka sabay-sabay, lumipad nang pataas at palayo ang kawan ng mayang bubungan.

Parang hinugot ang papaugong na ingay pagkalayo ng mga ibon, dahil sa bidahan ng mga binhi na kung tutuusin, may iisang istorya. Noon napatawa ang bagong sulpot na tulyapis sa katabi, saka niya sinabi, "Akala ko ba e galit ka at nang-aaway ako."

"Siyempre, ako'y nataranta," pauna na kaagad ng katabi niya, "Ngayon lamang ako nakakita ng ibong maya."

"Kaya ba ako'y niyapos mo pa?"

"Aba, ayaw ko namang maiwang mag-isa. E kung tukain ka, mawawalan ako ng kasama."

"Oy, salamat ha."

"Saan...saan ba?"

"Sa yakap mo. Sa pag-aalala."

Pagkatapos noon, matagal silang hindi nag-imikan, bagaman sabay nilang tinuklas ang mga bagay-bagay. Hanggang isang araw, waring niyugyog sila ng amihan at tumagilid na lamang, kaya ang dating tulyapis naman ang dumagan sa binhing madaling maasar.

"Ay, ano ba 'yan? Nakatakip ka sa aking bungad, ang katawan mo pa'y bundat na bundat."

"E kasi ang uhay na tinitirhan natin, humibay na parang lasing. Bago mo ako sisihin, 'yon at 'yon muna ang 'yong pansinin." Kasabay ng sinabi ay ngumuso sa itaas at sa ilalim ang binhing tila nayayamot na rin.

Napatingala at napayuko ang palay na madaling maasar, saka siya napasigaw, "Yaaayks, kaya pala ako nangangawit kanina pa, nakabitin na pala tayong magkakahilera! At sasayad na sa lupa ang ating uhay. Sasawsaw na sa putik ang ating katawan!"

"Kitam?" sabi naman ng bundat na palay, ang dating tulyapis "Madali tayong titilapon at mapapahagis kung mataas pa tayo't may hanging humihip."

Nang gabing iyon, lumabas ang bilog na Buwan, pero pitak lamang nila ang tinutukan ng kanyang ilaw. Saka kanyang sinabi sa mga palay, "Ayan, bisperas ngayon ng anihan. Yumayakag ang magsasaka ng inyong pitak sa mga manggagawang hahawan. Nagsasaing ang may-bahay ng kaban-kaban dahil ginto na ang inyong kulay. Kaya ngayong gabi, isa-isa ko kayong bibigyan ng pangalan na may hiwatig na p'wede n'yong kapalaran, saka ko kayo sasabugan ng hamog, ang tubig na kristal."

At inisa-isa ng Buwan ang mga binhi ng palay, matyagang binigyan niya ng katwagan. Ang mabilis magsalita'y ginawaran ng ngalang Ipahin, at ang nasa kaibabawan ng usbong ay si Paladarak. May isang hindi na pinalad magkalaman kaya pinangalanang Tulyapis, may Bigas, may Kanin, may Panangag.

At ang binhing akala natin ay tulyapis, hanggang sa mabundat ay tinawag niyang Mumo. Samantala, Am-i naman ang binhing madaling maasar, sunod sa am na ipinakakain ng mga ginang sa mga batang babagong silang.

Sa kasunod na ginawa ng Buwan - ang pagwiwisik - ay tumama sa magkatabing binhi ang hamog na kristal na dumausdos sa nakabitin nilang katawan. Naglambitin iyon na parang perlas, saka mabilis na nalaglag. Samantala, minememorya ng dalawa ang pangalan na sa kanila ay itatawag.

"Mumo, Mumo ang pangalan ko, at pangarap kong maging kanin," sabi ng nabundat, dating palainat na palay.

"Am-i, Am-i ang aking pangalan, at gusto kong maging biko o sapin-sapin, kahit bibingkang kanin," bulong ng madaling mayamot na binhi.

At sa harap ng nakamasid na Buwan, ang dalawa'y muling nagpakilanlan, saka tahimik na ngumiti sa isa;t isa, sabay na sabay.

Ayan, nataranta na ang mga nasa uhay, kahit madaling araw pa lamang, dahil maaga silang ginitla ng mga karit at kamay na lumikom sa kanila at sa iba pa, pinagsama-sama, pinutol kapagdaka, at sa bunton ng iba pang binhi't uhay dinala. Ayan, tumataas na raw ang mandala - ang matayog na tumpok ng mga ginapas, maliliit at gintong bunga.

Saka pa sila inihiwalay sa sanga ng mga gumigiik na paa - at sa loob ng isang baldeng lata pinagtabi na naman ang dalawa, si Mumo at si Am-i - binhing pumailalim, pumaibabaw, ngunit laging katabi ng marami pang iba.

Inihuho ng sementong pinagbilaran ang maraming maraming palay. Saka si Am-i at si Mumo ay pinaghiwalay, pinaglayo at pinagsama na naman ng isang magaslaw na kalaykay. May nakapasok na inahin at tandang, kasama ang mga sisiw nilang siyapan nang siyapan. At sa pagkaykay ng tandang, tumilapon si Mumo sa malayong lugar, malayo kay Am-i na nagmamanman sa mga sisiw na mabilis tumuka't lumulon ng palay.

"Naku, patangay na tayo sa hangin," sabi ng iba pang binhing nakamasid, takot na takot sa manok at sa kanyang sisiw, "Uubusin ng mga 'yan ang lahi natin!"

Ang sisiw naman ay malapit na kay Am-i na nakamalay ding wala sa kanyang tabi si Mumo. At - naku! - pinulot na nga siya ng tukang maliit. Sinundan iyon ng isang paswit. Nasa likod pala ng sisiw ang inahin. At ang sisiw naman ay napabahin.

"Kok-kok, sabi ko na," talak ng manok na ina, "Tingnan mo muna sabi kung may gilik ang binhing iyong nakikita."

At iniluwa si Am-i ng sisiw na bumahin pa nang bumahin at nagkuskos ng tuka sa semento. "Alerdyik ka sabi sa magilik na palay," boses na naman iyon ng manok na nanay, "Tingnan mo, nangangati ka na naman."

Padabog namang kumaykay ang sisiw na may matinding pagdaramdam. "Suya," bulong nito, "pati pagtuka ko, pinakikialaman."

Sabi naman ng kanyang inay, "Oy, semento 'yan. Hindi 'yan rabaw!"

Samntala, si Am-i na nakaykay ay napahagis sa hindi n'ya kaagad na natukoy na lugar, hanggang may narinig siyang humahagalpak na palay.

"Mumo?"

"Oo, Am-i, mula dito ay aking tanaw na maski sisiw pala sa 'yo ay umaayaw."

"Hoy, tama ka na nga, Mumo," sabi ng isang katabi niyang palay, "tawa ka nang tawa ngayon samantalang kanina, sigaw ka nang sigaw."

"Ano?" tanong ni Am-i.

"Gusto ka niiyang puntahan para damayan," sabi naman ng palay, "kaso dito ka na rin napalagay."

Napangiti si Am-i at si Mumo naman ay humamon sa katabing palay ng estemeronggoles, ang away na sundutan ng mga tulis ng palay. Naku, mabuti at may umawat na iba pang binhi sa dalawa.

Isang biyahe pa at dumaan naman sila sa kumakanta, sumasayaw, humuhubad sa kanila na kiskisan, kung saan nawalan kahit sina Mumo at Am-i ng saplot sa katawan, tinawag nilang

darak,<br>
ipa,<br>
binlid<br>
at ang natira ay sila bilang<br>
bigas<br>
na sabi ng mga matatandang nagtitinda ay "singputi ng kaluluwa ang kulay." Iyon ang narinig ni Mumo at Am-i habang nakadispley sila sa bilaong nasa estante.

Iyon ang palengke kung saan sila ngayon laging magkatabi, nagkakampihan kapag may bukbok na aali-aligid dahil madali naman nila iyong iniipit. O gumagawa sila ng iskema kapag may langgam na namang pumipila - para iligaw ang mga ito ng daan o iba na ang puntahan ng mga langgam na magnanakaw. At dahil sina Mumo at Am-i ay palaging nagtutulungan, lalong naglalapit kapag may banta sa kapaligiran, lumalim pang lalo ang kanilang samahan. Hanggang sa mga tanghaling walang gaanong namimili, magkatabi silang nagsabihan ng mga istorya, ng mga plano, pangarap at ambisyon.

Ani Mumo, "Gusto ko'y maging kanin na singputi ng buhok, singlambot ng ulap, makasama sa sinaing na singkapal ng mga pangarap."

"Ang ambisyon ko naman," sabi ni Am-i dahil inspirado, "ay maging biko, may tamis ng katas ng tubo, hinihimlayan ng ginadgad na buko habang nakalatag sa isang bilao, kukrusan ng kutsilyo at nang mapakumot sa dilang palakuwento."

Nasabi nila ito isang tanghaling tapat habang ang mga tindero't tindera sa palengke ay nasa isang mesa na naman sa gilid ng tindahan, may umaalog na plastik na bote ng mga bilang at letrang sinisigaw, "Sa 'be,' unat na unat sa hatinggabi" dahil mamaya pang muli , sa hapon, ang hugos ng mga mamimili.

Isang araw na lamang, napasama si Mumo na agad, si Am-i ang hinila, sa isang selopin at iniuwi ng ginang na nagngangalang Mama Rosa para ilagay sa isang sikip na lata.

Nang makakita ng liwanag ay nagkasama't nagkahiwalay, nagkasama't nagkahiwalay, na naman at na naman ang dalawa sa tinubigang lalagyan, at sa isang mabilis na muling pagkikita nila ay naisigaw ni Am-i, "Mumo, ito pala ang kaldero!" Sa huling pagkikita, si Mumo naman ang tumawag, "Am-i, katuparan na natin ito!" Umalingawngaw ang tinig ni Mumo sa sinarhang kaldero. Samantala, pinaupo na pala ni Mama Rosa ang bakal na lalagyan sa kalan para painitin at pakuluan sa apoy bilang

sinaing

na kapag lumambot, iin-inin at bubuksan, para maitanghal sa bandehado't pinggan ang

kanin

na laging tampok sa anumang salo-salo sa

**wakas**.